



Minami no Kaze

Vol. 48

2022.12

Minna no "Wa!" Festa 2022 Report

Noong Nov.20 (Linggo) workshops ay ginawa ng mga grupo ng Machi no Sensei na nakarehistro sa Minami Lounge and Multicultural Volunteers. Marami ang dumalo at nasiyahan ang lahat sa event.



Workshops



Makikita ang Minna no "Wa!" Festa video streaming sa mga sumusunod na URL.

<https://tabunka.minamilounge.com/about/festa2022>



→Paki-Scan!



Pagtatalumpati sa Nihongo



"Japanese Speeches" ay makikita sa Minami Lounge Website! Paki-check lamang sa website.



Impormasyon sa Pagtatapos ng Taon / New Year Holiday

Mga Pasilidad, Hospitals, Opisina ng Wards ay magsasara dahil sa Japanese Holiday Season.

- Magsasara ang Minami Lounge simula Dec.29(Huwebes) hanggang Jan.3(Martes).
- Ang Yokohama City Office at Minami Ward Office ay sarado simula Dec.29(Huwebes) hanggang January 3 (Martes).
- Walang pagkuha ng basura sa Minami Ward simula Dec.31(Sabado) hanggang Jan.3(Martes). Huwag magdala ng iyong basura sa tapunan sa mga panahon na ito.
Ang kinukuhang burnable garbage tuwing Lunes at Biyernes
→ ang huling pagkolekta sa 2022 ay Dec.30(Biyernes). Ang unang pagkuha sa 2023 ay January 6 (Biyernes).
Ang kinukuhang burnable garbage tuwing Martes at Sabado
→ ang huling pagkuha sa 2022 ay Dec.29 (Huwebes). Ang unang pagkuha sa 2023 ay Jan.5 (Huwebes). (espesyal na petsa ng pagkolekta ng basura).
- Kung ikaw ay magkasakit o magkadeperensya sa Holiday Season, mangyaring tumawag o bumisita sa Minami Ward Holiday Emergency Clinic (045-341-0251Japanese)
Bukas:Linggo, Holiday at Dec.30 (Biyernes) hanggang Jan.3 (Martes)10:00~16:00 (Reception:9:00~15:30)
Department: Internal medicine and Pediatrics
- ※Ang Minami Ward Holiday Emergency Clinic ay pansamantalang lumipat simula noong June 2022 dahil sa pagpapaayos ng building. Ang reconstruction ay aabot hanggang summer ng 2023.
Temporary Address: Kenko Main Building 2nd floor, 2-22 Eiraku-cho, Minami-ku Yokohama city.
(Para sa ibang impormasyon, tignan ang website ng Minami Ward Office o Yokohama Doctor's Association)



Multicultural Volunteer ②



Ms. Nakazaki Sunny
 Galing: Surabaya/Indonesia
 Kilalang Produkto ng Indonesia:
 Krupok (Prawn Crackers)

Si Miss Sunny ay mahilig at masarap magluto. Ang una niyang pagbubuluntaryo sa Minami Lounge ay ang event na “Minna no “Wa!” Festa”. Ipinakilala nya ang mga pagkain ng Indonesia sa event. Sa kasalukuyan nagtuturo sya ng pagluluto ng mga Indonesian food sa Minami Center. Nagagalak syang ipakilala ang lasa at pagkaing Indonesia sa lahat.

Pag-uulat ng mga Pangmultikulturang Boluntaryo sa Minami Lounge!

Alam nyo ba ang sistema ng pagrehistro sa “Pangmultikulturang Pagboboluntaryo” sa Minami Lounge? Meron kaming 250 na miyembro Na nakarehistro bilang “Multicultural Volunteer”. Sa kasalukuyan meron kaming mga volunteers na galing sa 30 iba’ t-ibang bansa Kasama ang Japan. Gingagamit nila ang kanilang sariling wika para suportahan ang mga taong kadadating lang sa Japan. Ipinakilala din nila ang pagluluto, sayaw, instrument, historya, kultura ng kanilang bansa sa mga paaralan at ibat-ibang pasilidad. Sa kasalukuyan, iniatas ng Minami Center sa Minami Lounge ang paghahanap ng mga volunteers na makapagpapakilala ng magturo ng pagluluto ng kanilang bansa. Nakahanap kami ng anim na volunteers na tumanggap na magturo ng pagluluto ng kanilang bansa. Ang unang cooking class ay isinagawa noong Oct.18 (Martes). Ang cooking class na ito ay isinagawa ni Miss Sunny Nakazaki na ipinakilala bilang “Multicultural Volunteer ②”. Itinuturo nya ang Indonesian food. Itinuro nya ang pagluluto ng nasi goreng (Indonesian Fried Rice), soto ayam (Indonesian Chicken soup) at pisang goreng (Banana Sweets) sa loob lamang ng 3 oras. Ang lahat ay interesado sa Indonesian cooking at sa kanilang mga spices lahat ay umuwi na may dalang recipe mga larawan ng mga sangkap at larawan ng ginawa nilang Indonesian food.



Maraming mga volunteers ang hindi nakakapagsalita ng Japanese. Ang pagboboluntaryo ay maaring gawin sa inyong libring! Oras. Kung nais nyong suportahan ang inyong kapaligiran habang nag-aaral o nagpapalaki ng anak, tumawag lamang sa Minami Lounge!



Notice galing Minami Lounge


- My Number Points (Points na ang pinakamalaki ay 20,000 yen) ay matatanggap kapag ikaw ay nag-apply ng “my number card” hanggang katapusan ng Disyembre 2022. Para sa mga detalye, itignan ang My Number Card Information (<https://www.kojinbango-card.go.jp/en/>).
- Omicron-targeting booster shots vaccine ay nagsimula na. Kung ikaw ay kumpleto na ng paunang dalawang turok ng COVID-19 vaccine at ang iyong huling dose ay ginawa makaraan ang 3 buwan, maaari ka ng magpaturok ng booster shot. Mangyaring tignan ang “City of Yokohama” website (<https://www.city.yokohama.lg.jp/lang/covid-19-en/>) sa mga detalye.
- Alam nyo ba ang NHK World Japan? Makakakuha kayo ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon at balita sa TV, radio o sa WEB sa iba’ t-ibang languahi. Mayroon din pag-aaral ng Japanese. Paki-check ang website → <https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/ja/>
- Ang toilet sa Minami Lounge ay binago na. May katamtamang init na ang upuan at ito ay popular sa mga gumagamit. Mangyari lamang na gamitin antoilet ng maayos at tama. Panatilihin natin itong malinis.

Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)

Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho
 Minami-ku, Yokohama 232-0024

① Consultation Desk : Mon.~Sun. 9:00~17:00
 (Closed on : Every 3rd Mondays · Dec.29 to Jan.3)
 Tel. : (Japanese) 045-232-9544
 (Foreign Language) 045-242-0888

② Libring Kunsultasyon:
 Batas (Pangalawang Huwebes), Visa (Pangatlong Huwebes) at Edukasyon (Pang-apat na Huwebes)



Minami Lounge URL
<https://tabunka.minamilounge.com/>

← Direction Map

【Available languages and days】

| Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday | Saturday | Sunday |
|---------|---------|--------------------|-----------------|--------------------|----------|---------|
| Chinese | Chinese | Chinese English | Chinese Thai | Chinese Tagalog | Chinese | Chinese |